

1. Tungkol sa “Andon” Festival ng Uzumagawa River.

Ginaganap sa kasalukuyan hanggang sa ika-30 ng Setyembre ang “Andon” Festival sa Uzumagawa River, ang ilog na dumadaloy sa kalagitnaan ng Lungsod. Mayroong 124 na paper lanterns na gawa sa ginupit na papel ang nakalagay sa magkabilang pampang ng ilog mula sa Kaiun Bridge hanggang sa Uzumagawa Park na bumabagtas sa isa pang tulay ang Kourai Bridge. Ang mga paper lanterns na ito ay likha pa ng tanyag na Tochigi City paper cutout artist na si Gashu Kawashima.

Inilalarawan sa mga lanterns si Ennin na kilala rin bilang si Jikaku Daishi isang sikat na monghe sa Japan noong panahon ng Heian Period na sinasabing ipinanganak sa Iwafune Machi. Ganundin ang mga sinaunang kamalig at karosa ng lungsod ay makikita sa mga paper lanterns.

Sa panahon na ito ay iniilawan ang mga paper lanterns sa pagitan ng alas 7:00 hanggang alas 10:00 ng gabi.

Pagmasdan natin ang napagandang tanawin sa gabi ngayong panahon ng tag-init sa Tochigi City.

2. Mga Gamit ng My Numbers Card.

Kung ang isang dayuhan ay unang dumating sa Japan at ipaparehistro nito ang kanyang paninirahan sa munisipiyo ay gagawaran ito ng My Numbers Card na kung saan ay itinalaga ang 12 digits na numero na gagamitin nito sa buong panahon ng paninirahan sa bansang ito. Ang parehong iginawad na numero ay gagamitin pa rin kahit umalis na ng Japan at nagpasiyang bumalik at manirahan uli dito. Hindi na ito maaring baguhin kahit gustuhin man ito.

Ang My Numbers Card ay mahalaga sa pag-aapply ng allowance ng mga bata, pagtanggap ng mga benepisyo sa National Pension, pagsumite ng mga dokumento sa buwis tulad ng income tax returns, pagpapadala at pagtanggap ng pera sa ibang bansa, pagbubukas ng accounts sa banko at pagsisimula ng trabaho sa mga kumpanya o tindahan.

Nakalagay ang sariling larawan at itinalagang numero sa My Numbers Card. Maaari itong gamitin sa pagkuha ng mga dokumento o bilang opisyal na Identification Card upang beripikahin ang pagkakakilanlan.

Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng My Numbers Card, madaling makakuha ng Certificate of Residence o iba pang sertipikasyon na may kinalalaman sa pagbabayad ng buwis sa mga copy machines ng mga convenience stores na malapit. Mas mura ang bayad dito ng 100yen kesa sa mga counters ng munisipiyo.

Upang magamit ang My Numbers Card sa mga convenience stores ay kakailanganin at hihilingin ang Pin Numbers para dito kaya dapat huwag kalimutan ang mga nasabing numero na itinalaga noong unang nag-apply para makamit ang nasabing card.

Bilang karagdagan, maari rin na magamit ang My Numbers Card sa mga pagamutan o parmasya na

may card reader o face recognition function kapalit ng Health Insurance card. Subalit mahalagang mag-apply muna sa Myna Portal App sa smartphone o mga katulad na device na maaaring bumasa sa My Numbers Card. Maari rin na gamitin ang ATM machines ng Seven Eleven. Kailangan pa rin ang 4 digits na Pin Number.

Pagkatapos ng Autumn ng 2024 ay pag-iisahin na ang My Numbers Card at ang Health Insurance Card.

Tandaan na kung may pagbabago sa pangalan, tirahan at iba pa ay dapat ipagbigay alam ito

sa munisipiyo sa loob ng 14 na araw.

Ang petsa sa expiration ng My Numbers ay pareho sa validity ng visa kung kaya kapag nagrenew ng visa ay kailangan din na irenew ang MY Numbers Card sa munisipiyo.

Kung nawala ang My Numbers Card ay mangyaring iulat kaagad sa pulisya at munisipiyo.

3. Mga Gawaing Bolunterismo ng mga Mamamayan ng Tochigi City.

Ang Uzumagawa River ay nililinis ng 3 beses sa isang taon, tuwing Abril, Hulyo at Setyembre mula pa noong taong 1980. Sa pakikipagtulungan ng may 25 samahan at associations na malapit sa ilog ng Uzumagawa bilang tugon sa mga iba pang grupo na kinabibilangan ng Tochigi City River Protection Association.

Ang Uzumagawa River ay malapit sa puso ng karamihan ng mga mamamayan ng lungsod ng Tochigi kaya mahalagang panatilihin ang ang kalinisan nito dahil dito namamasyal at pinupuntahan ng karamihan ng mga taga Tochigi pati na rin ang mga turista.

Sa ika-30 ng Setyembre (Sabado) mula alas 7:00 hanggang alas 8:00 ng umaga ay idaraos ang clean-up ng Uzumagawa River mula sa Kanita Bridge ng Daicho hanggang sa Shinbashi bridge ng Kawai Cho.

Ang mga dayuhang mamamayan ng lungsod ay malugod na inaanyayahan lumahok sa nasabing volunteer work na paglilinis ng ilog. Makipag-ugnayan lamang sa Tochigi International Community kung nais lumahok at malaman ang lokasyon ng clean-up site at iba pa.

Gayundin sa ika-9 ng Setyembre ay gagawin ang pagtatanggal ng mga damo sa Watarase Yusuichi. Ang pagpaparehistro para sa mga lalahok sa volunteer work naman na ito ay magsisimula sa alas 7:00 ng umaga sa harap ng Yanakako Bicycle Rental Center, walang advance na registration maliban sa mga grupo ng 10 o mahigit na tao. Ang aktibidad ay gagawin umulan man o umaraw mula alas 7:30 hanggang mga bandang alas 9:00 ng umaga. Sa aktibidad na ito kung saan tinatanggal ang halaman na kung tawagin na Japanese Knotweed ay lalahukan ng maraming grupo ng volunteers dahil may negatibong epekto ang pagtubo ng nasabing halaman sa iba pang uri ng halaman at upang bigyan proteksyon ang kapaligiran ng Watarase Yusuichi Wetland sa ginawang Ramsar Convention sa proteksyon ng mga wetlands.

Kapag lalahok sa nasabing aktibidad ay dapat magdala ng inumin, mahabang manggas na kasuotan, pantalon, bota, salamin na proteksyon sa mata at gwantes.

Makilahok bilang mamamayan at tumulong sa pangangalaga ng likas na kapaligiran at sa pananatili ng kagandahan ng lungsod.